
komiket
AHA! Learning Center
ANG BAGONG KAIBIGAN NI TOMMY
KWENTO NI PAT RODRIGUEZ
GUHIT NI MARIAN HUKOM


UNANG ARAW NI TOMMY SA PAARALAN SIMULA NUNG LUMIPAT SILA NG KANIYANG PAMILYA SA BAGONG SIYUDAD....
TOMMY
NAY, KINAKABAHAN PO AKO
SAAN KA KINAKABAHAN, ANAK?
NATATAKOT PO AKONG HINDI MAGKAROON NG MGA KAIBIGAN SA SCHOOL.
NAMI-MISS KO NA PO ANG MGA KAIBIGAN KO EH.
LAHAT NAMAN TAYO KINAKABAHAN KAPAG NASA BAGONG SITWASYON.
ANAK, OK LANG IYAN.


PERO PAANO PO KUNG WALANG MAGKAKA-GUSTO SA AKIN?
NAKU, ANAK! MAGKAKARON KA RIN NG MGA KAIBIGAN.
IKAW PA BA! NAPAKABAIT MONG TAO.
ANO PO BA ANG DAPAT KONG GAWIN PARA MAGKAROON NG MGA KAIBIGAN, NAY?
SIMPLE LANG UNA MONG GAGAWIN, ANAK.
NGUMITI KA LANG SA MGA TAO!
HINDI SILA DAPAT MATAKOT NA LAPITAN KA.
LARO TAYO!


NAGLAKAD NA SI TOMMY PAPUNTA SA KANYANG BAGONG PAARALAN...
SIGE PO!
PAARALAN
AT NUNG TANGHALIAN NA, PUMUNTA SIYA SA CANTEEN...
...
UMUPO SI TOMMY SA LA MESANG WALANG TAO AT UMASANG MAY LALAPIT SAKANYA AT SASAMAHAN SIYANG KUMAIN...
...


AKALA KO MAGKAKAROON AKO NG KAIBIGAN DITO?
LOCK!
NILIGPIT NALANG NI TOMMY ANG KANIYANG PINAGKAINAN AT TAHIMIK NA BUMALIK SA SILID-ARALAN...
SECTIO
SAMANTALA, MASAYANG NAG-UUSAP TUNGKOL SA KANILANG BAKASYON ANG KANIYANG MGA KAKLASE...
BUTI PA SILA...


NGUMITI KA LANG SA MGA TAO!
HINDI SILA DAPAT MATAKOT NA LAPITAN KA.
SIMPLE LANG NAMAN PALA ANG SIMULA EH...
MAYA-MAYA, TUMUNOG NA ANG BELL PARA SA WAKAS NG KLASE
RIIIIING!!!
UM!
TARA!
NILIGPIT NI TOMMY ANG KANIYANG MGA GAMIT AT ISA SA MGA HULI NA LALABAS NG SILID-ARALAN, KASABAY SI JANA NA NASA LIKOD NIYA...
HAY...


MAKAUWI NA NGA LANG...
BLAM!
ARAY!
TUMINGIN SI TOMMY SA LIKOD NIYA AT NAKITA SI JANA NA NAKAUPO SA SAHIG...
MATH
JANNA



HALA! ANONG NANGYARI?
NAPUTOL NA SIYA MULA SA BAG!
NAKU!
BUMIGAY NA NANG TULUYAN ANG STRAP NG BAG KO...
ANG MGA GAMIT KO...


GUSTO MO BANG TULUNGAN KITA?
GA--GANOON BA?
OK LANG BA SA IYO?
OO NAMAN!
SALAMAT, HA!


ANO PALA PANGALAN MO?
TOMMY!
SALAMAT, TOMMY!
TINULUNGAN NI TOMMY SI JANA SA PAGKUHA NG KANIYANG BAG AT MGA NAHULOG NA GAMIT SA SAHIG...
MATH
SABAY SILANG NAGLAKAD PAUWI AT NAGKUKUWENTUHAN....
HALIKA NA!
WAKAS